

KENNETH IAN MATTHEW HERNANDEZ

Si Kenneth Ian Matthew Hernandez ay kasalukuyang guro sa Filipino sa San Lorenzo Ruiz De Manila School of Marikina. Nakapagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina bilang cum laude. Siya ay sumusulat ng mga tula, dagli at maikling kuwento.

ASO

Dito sa bayan namin sa Silangan, mayroong isang Intsik ang sa ami'y kumapit-bahay. Bitbit ang aso niyang alaga. Asong malaki at balbon, panay ang tahol sa sinumang manilip sa bakuran ng amo nitong singkit.

Mahangin at nagbabadya ang paparating na bagyo noon, nangunguha ng sinampay ang isang Ina. Nilipad sa kabilang bakuran ang kamisetang pinangunguha. Ang asong nangangalit ay sinakmal at pinaliguan ng laway ang walang-labang Ina.

Naghabla ng kaso ang Ina sa barangay. Gulat at windang ang kapitan sa kinasapitan ng Ina sa asong ulol. Bilang hatol, ikinulong ng kapitan ang Ina sa kasong trespassing at pinalaya naman nito ang aso at sinabitan ng medalya. Ginawa lamang raw ng aso ang tungkulin nitong protektahan ang bakuran ng amo nito. At bilang danyos sa perwisyo at paninirang puri ng Ina sa amo nitong Intsik, ibinigay ng kapitan ang lupa ng Ina sa mga ito.

Ang mga anak ng nagkasalang Ina, ngayo'y nakikilupa sa sarili nilang bakuran. Tinanggalan ng karapatan at patuloy na pinaparatangan ng sistemang hindi na sila kinikilala.

“Arhuuuuu!!” alulong ng aso. Namimilog at namumula na naman ang buwan.

agabro